SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MARSO 04, 2024, LUNES, IKA-9:35 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

RECORDED 21 MAR 2024 Sangguniang Bayan Office Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 03/21/24 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 196-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 87-T2023/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 87-T2023 NG SANGGUNIANG BARANGAY UKOL SA ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NG BARANGAY POBLACION V, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng Poblacion V para sa taong 2024 na paglalaanan ng 20 Bahagdang Kabahagi ng Rentas-Internas;

**SAPAGKAT,** ang mga ito ay tinalakay ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan at napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKAT,** matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na ito ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay ay inirekomenda ng nasabing lupon na pagtibayin na ang Annual Investment Plan ng Barangay Poblacion V.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 87-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 87-T2023 ng Sangguniang Barangay ukol sa Annual Investment Plan (AIP) ng Barangay Poblacion V, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Poblacion V, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Marso 04, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: 3/19/24

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

031924196